


Filipino

Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagbabahagi ng Isang Pangyayaring Nasaksihan o Naobserbahan/ Pagpapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksyon sa Isang Napakinggang Balita, Isyu o Usapan



Filipino – Ikalimang Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagbabahagi ng Isang Pangyayaring Nasaksihan o Naobserbahan/Pagpapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksyon sa Isang Napakinggang Balita, Isyu o Usapan

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Gesille G. Gagni-Grande	
Editor:	Ma. Teresa B. Afable, Virginia C. Dulfo, Shirley B. Bacal, Jennifer A. Ballena,	
Tagasuri:	Virgina C. Dulfo, Jenniefer A. Ballena, Michael Q. Balan,	
Tagalapat:	Allan C. Arma	
Tagapamahala:		
	Ramir B. Uytico	Bernardo A. Adina
	Arnulfo M. Balane	Gaudencio C. Aljibe, Jr.
	Rosemarie M. Guino	Lea C. Aberia
	Teodorico C. Peliño	Virginia C. Dulfo
	Joy B. Bihag	Ma. Teresa B. Afable
	Ryan R. Tiu	Shirley B. Bacal
	Dandy G. Acuin	

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053-832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Filipino

Ikalawang Markahan –

MELC Modyul 5:

Pagbabahagi ng Isang

Pangyayaring Nasaksihan o

Naobserbahan/ Pagbabahagi ng

Sariling Opinyon o Reaksyon sa

Isang Napakinggang Balita, Isyu

o Usapan

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

!



Alamin

Sa modyul na ito, inaasahang matututuhan ang sumusunod na kasanayan:

- a. Natutukoy ang mga pangyayari na nasaksihan o naobserbahan;
- b. Napahahalagahan ang mga pangyayaring nasaksihan o naobserbahan;
- c. Naibibigay/naipahahayag ang sariling opinyon o reaksiyon sa napakinggang balita, isyu o usapan;
- d. Nagagamit ang iba't ibang pahayag na karaniwang ginagamit sa pagpapahayag ng sariling opinyon o reaksiyon sa isang napakinggang balita, isyu o usapan



Subukin

Ibigay ang hinihingi sa bawat hanay sa dayagram sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Pangyayaring iyong naobserbahan o nasaksihan tungkol sa isyung dulot ng pandemya o COVID-19	Sariling reaksiyon o opinyon tungkol sa natukoy na pangyayaring iyong naobserbahan o nasaksihan
Halimbawa Maraming nagsara na mga negosyo at kompanya kaya maraming nawalan ng trabaho at nagkaroon ng problema sa pinansiyal.	Kailangan pang dagdagan ang mga programang tutulong sa mga mamamayan na nawalan ng trabaho. Dapat ding maglaan ng sapat na tulong pinansiyal sa bawat pamilyang higit na nangangailangan.
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	

Aralin

1

Pagbabahagi ng isang Pangyayaring Nasaksihan o Naobserbahan/Pagbabahagi ng Sariling Opinyon o Reaksyon sa Isang Napakinggang Balita, Isyu o Usapan

Panibagong aralin na naman ang iyong pag-aaralan. Inaasahang patuloy kang magtatagumpay sa iyong pagkatuto ng mga bagong kaalaman.



Balikan

Balikan ang nakaraang aralin. Bigkasin ang tula nang may wastong tono, diin, antala, at damdamin. Iparinig ito sa magulang o sa kapatid. Ipagamit sa magulang o kapatid ang rubrik sa ibaba para markahan ang ginawang pagbigkas ng tula.

Maglaro tayo!

I.
Habulan tayo!
Tayo'y maglaro.
Kahit saan tumungo
malayang tumakbo.

II.
Gumalaw sa'yong posisyon,
sa magkakaibang direksiyon.
Takbo pakanan, pakaliwa,
paharap, at palikod
at magpahinga kung mapagod.

III.
Maaaring huminto
at muling tumakbo.
Iwasang mataya,
gumalaw nang malaya-
padiretso, pakurba, o pa-zigzag pa

IV.
Sa habulan,
di laging mabilisan,
katamtaman minsan,
o kaya mabagal kung kailangan.

V.
Halina't maglaro,
sa mga patag na espasyo.
Gumalaw nang patayo o paupo,
pahilis o paikot, anuman ang gusto.

Halina't maglaro, magsaya tayo!

Pamantayan sa Pagmamarka

Mga Pamantayan	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Mahusay -husay (3)	Di- gaanong mahusay (2)	Kailangan pa ng Pag-unlad (1)
1. Nabibigkas nang may wastong tono, diin, antala at damdamin ang tula.					
2. Nabibigyang diin ang bahagi ng tula na may mataas na tono, may diin, antala at damdamin					
3. Nabibigkas ang tula nang angkop ang bawat kilos, ekspresyon ng mukha, kumpas ng kamay, galaw ng mata, at tamang tindig.					
Kabuoang Puntos					



Tuklasin

Basahin at unawain ang sumusunod. Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Edukasyon sa Panahong ng COVID-19

Bagaman malaki ang epekto ng COVID-19 sa edukasyon kailangang magpatuloy pa rin ang pag-aaral at pagkatuto. Kasabay nito, ang pagtiyak sa kalusugan at kaligtasan ng mga mag-aaral kaya ipinagpaliban ang pagbubukas ng klase at pansamantalang wala munang *face-to-face classes*.

Bilang alternatibong pamamaraan ng pag-aaral ngayong panahon ng pandemya, ipinatupad ang *distance learning* ng Kagawaran ng Edukasyon. Dito kahit nasa kani-kanilang tahanan ang mga mag-aaral ay maaari silang mag-aral at matuto. Maaaring mamili kung ano ang nais na pamamaraan para magpatuloy sa

pag-aaral, gaya sa pamamagitan ng *online*, paggamit ng modyul, TV/Radio-based na pag-aaral, o kaya naman kombinasyon ng mga ito.

Mahalaga ang edukasyon para sa pag-unlad ng bayan. Kaya naman, kahit nahaharap tayo sa pandemya kailangang magtulungan ang bawat isa upang matiyak na ligtas ang lahat habang nagpapatuloy ang pag-aaral at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Mga Tanong:

1. Ano ang paksa ng iyong binasa?
2. Bakit kailangang ipagpaliban ang klase at pansamantalang itigil ang *face-to-face classes*?
3. Ano ang ipinatupad ng Kagawaran ng Edukasyon upang magpatuloy ang edukasyon ngayong panahon ng pandemya?
4. Ano-ano ang maaaring pagpilian ng mag-aaral na pamamaraan sa kanilang pag-aaral ngayong pandemya?
5. Bakit mahalagang ipagpatuloy ang edukasyon ngayong panahon ng pandemya?
6. Magbahagi ng isang pangyayari na iyong naobserbahan o nasaksihan tungkol sa binasa. Magbigay ng iyong opinyon kaugnay sa isyu ng edukasyon sa panahon ng COVID-19.

Pangyayaring iyong naobserbahan o nasaksihan tungkol sa isyu ng edukasyon sa panahon ng COVID-19	Sariling reaksiyon o opinyon tungkol sa natukoy na pangyayaring iyong naobserbahan o nasaksihan



Suriin

Binabati kita dahil natapos mo na ang bahaging TUKLASIN, ngayon naman ay pag-aralan at unawaing mabuti ang talakay.

Pagtukoy ng mga Pangyayaring Nasaksihan o Naobserbahan at Pagbabahagi ng Sariling Opinyon/Reaksiyon

Ang **pagtukoy ng mga pangyayaring nasaksihan o naobserbahan** ay isang mahalagang kasanayan na dapat mong matutuhan.

Sa pamamagitan nito:

- mahihikayat ka na maging mapanuri sa iyong paligid at unawain ang mga sitwasyong nagaganap;
- magkakaroon ka ng kamalayan sa mga tunay na pangyayaring nagaganap sa lipunan na iyong kinabibilangan;
- mahihikayat kang magbigay ng iyong sariling opinyon o reaksiyon kaugnay sa mga natutuklasan mong isyu.

Ang pagtukoy ng pangyayaring nasaksihan o naobserbahan ay maaaring sa pamamagitan ng pagbibigay impormasyon, ng opinyon o kuro-kuro, pagbabahagi ng karanasan at iba pang kaugnay. Maaaring ito ay sa pamamaraan ng pagsasalaysay, paglalarawan, paglalahad at pagmamatuwid.


- Ang pagsasalaysay ay pagkukuwento. Ito ay pagpapahayag na naglalayong mailahad nang sunod-sunod ang mga pangyayari.
- Ang paglalarawan ay pagpapahayag ng kabuoan ng isang bagay, ng pangyayari o nagbibigay ng isang biswal na imahen ng bagay-bagay, ng tao, pook o pangyayari.
- Ang paglalahad ay isang uri ng pagpapaliwanag ng tao ukol sa mga bagay-bagay na may kaugnayan sa kaniyang mga gawaing pangkomunikasyon.
- Ang pagmamatuwid o argumentasyon ay sining ng pagsisikap na mapag-aralan o maimpluwensyahan ang ibang tao sa pamamagitan ng makatuwirang pahayag upang mapaniwala at mapakilos ang mga tagapakinig o mambabasa sa kung ano ang nais niyang paniwalaan o gawin nila.

Samantala, sa pagbabahagi ng mga pangyaaring nasaksihan o naobserbahan may mga pagkakataon na nagbibigay tayo ng sarili nating opinyon, reaksiyon o palagay tungkol sa paksa o isyung pinag-uusapan. Maaaring sa pagbibigay ng reaksiyon ay magpahayag ng pagsang-ayon o pagtutol.

Narito ang mga pahayag na karaniwang ginagamit sa pagbibigay ng reaksiyon:



1. *Sumasang-ayon ako...*
2. *Tutol ako sa sinabi...*
3. *Nais ko lamang magbigay ng puna...*
4. *Payag ako, pero sa palagay ko ay dapat...*
5. *Magaling ang iyong ideya o naiisip...*

Magkaugnay ang kasanayan na pagbabahagi ng nasaksihan o naobserbahan at pagbibigay-reaksiyon/opinyon. Dapat lamang din na tandaang maging magalang sa pagbabahagi at pakikipag-usap.



Pagyamanin

Pag-aralan mabuti ang sumusunod. Magbigay ng iyong sariling opinyon o reaksyon sa sitwasyon o pangyayari sa bawat larawan.

Pangyayari/Sitwasyon	Sariling opinyon o reaksyon
<p>1.  Gesille G. Grande, Borongan City Division</p>	
<p>2.  Gesille G. Grande, Borongan City Division</p>	
<p>3.  Gesille G. Grande, Borongan City Division</p>	

- A. Pumili ng isang pangyayari o sitwasyon mula sa mga larawan sa itaas at tumukoy ng isang pangyayaring nasaksihan o naobserbahan tungkol dito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Napiling pangyayari/sitwasyon mula sa larawan sa itaas (Sabihin na lamang kung anong bilang ng larawan)	Pagtukoy ng pangyayaring nasaksihan/ naobserbahan tungkol o kaugnay sa napiling larawan
Halimbawa: Larawan #1	Gaya ng kapatid ko ang nasa larawan. Magaling siyang gumuhit. Araw-araw nagsasanay siya. Sumasali siya sa mga timpalak ng pagguhit. Masipag din siya sa kaniyang pag-aaral



Isaisip

Sagutin ang mga tanong sa dayagram. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Kasanayang dapat mong matutuhan	Ano ang natutuhan mo tungkol sa kasanayang ito?	Paano mo pa mapauunlad ang iyong natutuhan tungkol sa kasanayang ito?
1. Pagtukoy ng mga pangyayaring nasaksihan o naobserbahan		
2. Pagbibigay/pagpapahayag ang sariling opinyon o reaksiyon sa isang isyu		



Isagawa

Maging malaya sa pagsusuri sa iyong paligid. Tumukoy ng mga pangyayaring iyong nasaksihan o naobserbahan na sa palagay mo ay mahalaga. Magbigay din ng iyong sariling opinyon o pananaw tungkol dito.

Pangyayaring iyong naobserbahan o nasaksihan na sa iyong palagay ay mahalaga	Sariling reaksiyon o opinyon tungkol sa natukoy na pangyayaring iyong naobserbahan o nasaksihan
Halimbawa: May mabuti pa rin sa panahon ng pandemya. Nagkaroon ng mas maraming panahon ang bawat pamilya na magsama-sama at magtulungan.	Minsan kahit na may mga pagsubok, kailangan pa ring maging positibo at tingnan kung ano ang mabuti at makatutulong sa sitwasyon.
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	



Tayahin

Pag-aralan ang bawat larawan. Pumili ng isa mula rito na nasaksihan o naobserbahan mo na. Ibahagi ito at magbigay ng iyong sariling opinyon at reaksiyon. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1



2



orongan City Division

3



Gesille G. Grande, Borongan City Division



Karagdagang Gawain

Basahin ang sumusunod na talata at magbigay ng sariling opinyon o reaksiyon kaugnay sa isyung tinatalakay.


Curfew

Ano nga ba ang *curfew*? Ito ay isang patakaran na ipinatutupad ayon sa batas. Ito ay nagtatakda at naglilimita ng oras kung kailan nasa loob lamang ng bahay o nasa labas. Kadalasan ipinapatupad ito sa mga lugar na may banta sa seguridad, o minsan din naman para sa pagpapatupad ng kapayapaan at kaayusan sa isang komunidad.

Sa isang barangay, mahigpit ang pagpapatupad nito sa mga menor de edad. Pinagbabawalan silang lumabas ng bahay sa gabi. Ang mga tanod ay naglilibot upang masigurong walang sinuman ang lumalabag sa kautusang ito. Ito ay para maging matiwasay at maayos ang kanilang lugar.

-Gesille G. Grande,
DepEd, Borongan City Division

Gamiting gabay ang dayagram sa iyong pagbibigay ng opinyon at reaksiyon sa isyu.





Susi sa Pagwawasto

Para sa mga Guro:

Para sa bahaging **SUBUKIN, PAGYAMANIN, ISAISIP, ISAGAWA, TAYAHIN**, at **KARAGDAGANG GAWAIN** inaasahang bubuo ang guro ng kanilang sariling rubrik na magiging pamantayan sa pagmamarka ng mga sariling sagot ng kanilang mga mag-aaral.

Maaaring tingnan ang binigay na rubrik sa bahaging **BALIKAN** bilang pamantayan sa pagmamarka sa pagbigkas ng tula.

TUKLASIN

1. Pagpapatuloy ng edukasyon sa panahon ng pandemya o COVID-19.
2. Para matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng mga guro at mag-aaral.
3. Ipinatupad ang *Distance Learning* ng DepEd bilang alternatibong pamamaraan sa pag-aaral ngayong panahon ng pandemya.
4. Maaari silang mag-aaral nang online, gumamit ng modyul, manood sa telebisyon at makinig sa radyo ng kanilang aralin, o kaya naman ay kombinasyon ng mga ito.
- 5-6 Sariling sagot ng mag-aaral na dapat iwasto ng guro gamit ihahandang rubrik.

Sanggunian

2020 Most Essential Learning Competencies (MELCs)

Sariling kathang mga akda

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph